# {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi kaugnay sa mga Tagaadya (Anṣār}: "Walang umiibig sa kanila kundi isang mananampalataya at walang nasusuklam sa kanila kundi isang mapagpaimbabaw. Ang sinumang umibig sa kanila, iibig sa kanya si Allāh; at ang sinumang namuhi sa kanila, mamumuhi sa kanya si Allāh."}

Ayon kay Al-Barā`(malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi kaugnay sa mga Tagaadya (Anṣār}: "Walang umiibig sa kanila kundi isang mananampalataya at walang nasusuklam sa kanila kundi isang mapagpaimbabaw. Ang sinumang umibig sa kanila, iibig sa kanya si Allāh; at ang sinumang namuhi sa kanila, mamumuhi sa kanya si Allāh."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pag-ibig sa mga Tagaadya kabilang sa mga naninirahan sa Madīnah ay tanda ng kalubusan ng pananampalataya. Ito ay dahil sa pangunguna nila sa pag-adya sa Islām at Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) at pagpupunyagi nila sa pagkakanlong sa mga Muslim at pagkakaloob nila ng mga yaman nila at mga sarili nila sa landas ni Allāh, at na ang pagkamuhi sa kanila ay tanda ng pagpapaimbabaw. Pagkatapos naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang umibig sa mga tagaadya, iibig sa kanya si Allāh; at ang sinumang namuhi sa kanila, mamumuhi sa kanya si Allāh.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3438

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee